ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 9
Mayo 7, 2021
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Labanan at pagbayarin ang pagtataksil ni Duterte sa bayan

Habang nagtatagal, lalong nababawasan ang mga karapatan at kalayaan ng Pilipinas sa karagatan at mga likas na kayamanan nito sanhi ng pagmamanikluhod ni Duterte sa China at pagtatraydor sa bayan. Kailangang kailangan na kaagad kumilos ang buong bayan. Bawat araw na lumipas, lalong lumalawak at humihigpit ang kontrol ng China na nagsasamantala sa pagkakataong nakaupo sa poder ang sunud-sunurang si Duterte. Dapat gamitin ng bayan ang lahat ng anyo ng paglaban, mula diplomatiko hanggang armado, para igiit ang angking karapatan ng mga Pilipino.

Hindi lamang walang ginawa si Duterte para bawiin ang mga karagatan ng bansa, pinahintulutan pa niya ang China na itayo ang mahigit pitong malaking pasilidad militar, wasakin ang mga yamang bahura, samsamin ang yamang karagatan at magpakat ng mga armadong sasakyang pandagat at pandigma. Tahasan niyang idineklara na hindi siya tutol sa pangingisda ng China sa West Philippine Sea at nagbulag-bulagan kung paanong ang mga mangingisdang Pilipino ay pinagkakaitan ng huli at itinataboy mula sa dati nilang lugar na pinangingisdaan.

Sa ngalan ng "pagkakaibigan," nilukot at isinaisantabi ni Duterte ang desisyon ng International Arbitral Tribunal ng Hulyo 2016 na nagpawalang-saysay sa "9-dash line" ng China at kumilala sa mga teritoryong pandagat at *exclusive economic zone* (EEZ) ng Pilipinas alinsunod sa United Nations Convention on the Laws of the Seas. Nilustay niya ang pagkakataong kabigin ang internasyunal na komunidad para labanan ang pang-aapak ng higanteng China sa soberanya ng Pilipinas.

Kasabay ng walang rendang pagyurak sa karapatan ng Pilipinas sa West Philippine Sea, ang China ang isa sa dambuhalang nasa likod ng walang habas na pandarambong sa likas na yamang mineral ng bansa. Kinakamkam ng China ang tone-toneladang buhanging may *magnetite* mula sa mga aplaya at malawak na karagatan at barko-barkong lupang may *nickel* at iba pang mineral mula sa kabundukan upang isubo sa industriya nito ng asero. Kabilang ang malalaking kapitalista ng China sa pangunahing makikinabang sa Executive Order 130 ni Duterte na nagbibigay-daan sa pagbubukas ng bagong mga minahan na tiyak na maghahatid ng lalong malawak na pagkawasak sa mga bundok, ilog at lupang agrikultural ng Pilipinas.

Sa harap ng tahasang pangyu-

yurak ng China, itinitikom ni Duterte ang palamura niyang bunganga dahil ayaw niya diumanong sirain ang aniya'y "magandang turingan" ng Pilipinas at China. Gusto niyang lunukin ng mga Pilipino ang panggagahis ng China sa Pilipinas sa pangangatwirang nagbigay naman daw ang China ng bakuna para sa Covid-19. Ang totoo, nakakontrata ang Pilipinas na bumili ng 25 milyong dosis ng Sinovac sa hindi malinaw na presyo.

Naririndi na ang sambayanan sa sirang-plakang linyang palasuko ni Duterte na "wala akong magawa" at sa panakot niyang "wala tayong laban kung gerahin ng China." Ginagamit niya ang panlolokong ito upang itali sa likod ang kamay ng Pilipinas at pigilan ang bansa na ipagtanggol ang kanyang mga karapatan. Kung tutuusin, dambuhala man at makapangyarihan sa pambabraso sa maliliit na bansa, alangan din ang China na tuluyang gamitin ang armadong dahas laban sa Pilipinas sa takot na iudyok nito at bigyang-matwid ang internasyunal na komunidad na tumulong sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagpakat ng mas malalaking barko at kagamitang pandigma sa karagatang nasa bakuran lamang ng China.

Ang palasukong patakaran ni Duterte ay nagpapawalang-saysay sa ginagawang "araw-araw na protesta" at pagpahayag "ipaglalaban ang soberanya" ng ilan niyang upisyal. Siya mismo ang dahilan kung bakit walang hakbang para kunin ang suporta ng United Nations sa hinaing ng Pilipinas. Siya rin ang dahilan kung bakit kalakhan ng pwersa at mga sandata ng AFP ay nakatutok sa kanyang mga kalaban sa pulitika sa halip na sa pagtatanggol ng soberanyang karagatan.

Hindi katanggap-tanggap sa mamamayang Pilipino ang pagyukod ni Duterte sa China. Walang dili't iba kundi pambansang pagtataksil ang pagpayag niyang angkinin ng China ang teritoryong karagatan ng Pilipinas, at sirain at dambungin ang likas na yaman ng bansa. Tinalikuran niya, sa partikular, ang kapakanan ng mga mangingisdang Pilipino. Tinalikdan niya, sa kalakhan, ang pambansang interes ng buong Pilipinas.

Sa harap ng pambansang pagtataksil ni Duterte, dapat magkaisa at kumilos ang buong bayang Pilipinas bago kamkamin ng China ang mas malaki pang bahagi ng ating karagatan at likas na kayamanan. Dapat buuin ang pinakamalapad na nagkakaisang prenteng patriyotiko para ipagtanggol ang soberanya at patrimonya ng Pilipinas. Dapat batikusin, singilin, patalsikin at pagbayarin si Duterte sa kanyang pagtatraydor. Dapat labanan ang anumang pagtatangka ng China na manghimasok sa pulitika at sa darating na halalan upang tulungan ang pangkating Duterte na manatili sa poder.

Handang makipagkaisa ang Partido at lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa lahat ng iba pang nais magtanggol sa interes ng bansa laban sa pangangamkam ng China. Nananawagan ang Partido sa sambayanang Pilipino na ipamalas sa iba't ibang anyo ng pagkilos ang pagkakaisa at paninindigan na bawiin at ipagtanggol ang karagatan ng bansa laban sa imperyalistang pangangamkam ng China. Dapat ipamalas sa lansangan at iba't ibang larangan ang determinasyon ng sambayanan na ipagtanggol ang soberanya at yaman ng bansa.

Dapat patuloy na paigtingin ng Bagong Hukbong Bayan ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga armadong pwersa ng estado na inuunang supilin ang mga pwersang patriyotiko at demokratiko subalit nagpapaka-inutil sa harap ng dayong pangangamkam. Dapat patamaan ng mga ambus, reyd at iba pang armadong aksyon ang mga yunit ng AFP na ubod nang lupit sa paniniil sa taumbayan sa kanilang masugid na pagtatanggol sa katrayduran ng gubyernong Duterte.

Ang pagtatanggol sa karagatan at yaman ng Pilipinas laban sa pangangamkam at pandarambong ng China ay bahagi ng nagpapatuloy na pakikibaka ng sambayanan laban sa imperyalistang dominasyon, para wakasan ang katayuang neokolonya ng Pilipinas at kamtin ang tunay na pambansang kalayaan. AB


ANG Bayan

Tomo LII Blg. 9 | Mayo 7, 2021

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@prwc_info

fb.com/editorsofAB

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Labanan at pagbayarin ang pagtataksil ni Duterte sa bayan 1

Ayudang at umento, panawagan sa Mayo Uno 3 9 sundala, patay sa mga opensiba ng BHB 3 Mga protestang bayan 3

*Community pantry*, ibinunsod ng gutom 4

Pambabarat sa mga magsasaka ng saging 5

Sa madaling salita 6

2 lider-aktibista, inaresto sa Bicol 7

Mamamahayag, pinaslang 7

Obispo ng UCCP, kinasuhan 7

Hambalos ng mapaminsalang pagmimina 8

Pamana ni Duterte: Maruming enerhiya 9

Presyo ng pinrosesong pagkain, tataas pa 10

Palpak na tugon ng rehimeng Modi ng India 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Ayuda at umento, panawagan sa Mayo Uno

BINANSAGAN NG MGA manggagawa bilang Pambansang Pagkilos para sa Ayuda ang ika-131 na Pandaigdigang Araw ng Paggawa noong Mayo 1. Dala-dala nila at iba pang demokratikong sektor ang panawagan para sa ₱10,000 ayuda sa lahat ng nawalan ng trabaho, ₱100 kagyat na dagdag sa arawang sahod, at pagpapatupad ng ₱750 na pambansang minimum na sahod. Bitbit naman ng mga manggagawang bukid ang ₱15,000 subsidyo para sa produksyong agrikultural. Sama-sama rin ang sigaw nilang: *Duterte resign!*

Ang mga pagtitipon ay binahiran ng pananakot, pang-aaresto at panunupil ng mga armadong pwersa ng rehimen sa pagtatangkang pigilan ang mga ito. Kabilang sa mga inaresto sa araw na ito ang 12 indibidwal sa Zambales na kinasuhan ng paglabag sa mga protokol pangkalusugan at 34 manggagawa at maralita sa Cebu na papunta sa mga sentro ng protesta. Lahat sila ay myembro ng mga organisasyong matagal nang ni-*red-tag* ng estado. Nagpyansa at napalaya sila matapos ang dalawang araw.

Sa Metro Manila, napilitan ang ilanlibong raliyista na magtipon sa Welcome Rotonda sa hangganan ng Quezon City matapos barikadahan ng mga pulis ang Liwasang Bonifacio at Mendiola sa Maynila. Hinarang din ang 150 indibidwal na papunta sa rali na galing sa Marikina at ang karaban ng Pamantik-KMU sa Calamba, Laguna.

Sa Davao, nailunsad ang kauna-unahang martsa-protesta mula nang ipataw ang mga restriksyon dulot ng Covid-19.

Sa Pampanga, nagmartsa ang mga kasapi ng Workers Alliance-Region 3 tungo sa Plaza Miranda, Angeles City. Aabot sa 1,000 manggagawa naman ang nagtipon sa Crossing, Calamba. Nagkaroon din ng piket sa Los Baños, Laguna; Antipolo, Rizal at Bacoor, Cavite. Mayroon ding mga protesta sa Cebu, Bacolod City, Naga City sa Bicol at Baguio City.

Sa Iloilo, nagtayo ng mga *community pantry* ang mga aktibista sa iba't ibang bahagi ng prubinsya bilang paggunita sa Araw ng Paggawa. Sinundan ang mga ito ng mga piket-protesta. AB

**KARABAN PARA KAY JORY PORQUIA.** Naglunsad ng misa at karaban ang iba't ibang progresibong organisasyon at mga kaanak ni Jory Porquia sa Iloilo City noong Abril 30 bilang paggunita sa unang taon ng pagpaslang sa kanya at upang manawagan ng hustisya. Si Porquia ay nagsilbing organisador ng Bayan Muna sa syudad. Kabilang din siya sa mga nagtayo ng unang mga *community kitchen* (kusinang bayan) sa lunsod na naglalayong pakainin ang mga maralitang komunidad na apektado ng pandemya.

**HUSTISYA PARA KAY JOHN FAROCHILIN.** Nagtipon ang mga kaanak at kasapi ng Pamanggas sa harap ng Jaro Cathedral sa Iloilo City upang ipanawagan ang hustisya para kay John Farochilin. Pinaslang si Farochilin ng mga elemento ng AFP noong Abril 18, 2020.

**KARABAN LABAN SA *JEEPNEY PHASEOUT*.** Nagkaraban noong Abril 30 ang mga tsuper sa Baguio City upang kundenahin ang patuloy na pagsusulong ng programang "modernisasyon" ng rehimeng Duterte at pag-*phaseout* sa tradisyunal na dyip. Panawagan ng mga opereytor at tsuper na panatilihin ang kasalukuyang modelo ng dyip at ang kanilang kabuhayan.

# 9 sundalo, napaslang sa mga opensiba ng BHB

Siyam na sundalo ang napaslang habang siyam ang nasugatan sa mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga prubinsya ng Abra, Camarines Sur, Sorsogon, Bohol at Bukidnon sa nagdaang mga linggo. Samantala, 16 na sundalo naman ang naiulat na napaslang sa mga operasyon ng BHB sa isla ng Negros noong Marso.

Inambus ng BHB-Bohol noong Abril 26 ang mga elemento ng CAFGU sa ilalim ng kumand ng 47th IB sa Barangay Aloja, Batuan, Bohol. Dalawa ang naiulat na napaslang.

Sa Abra, isang elemento ng CAFGU ang napaslang sa Barangay Poblacion, Lacub noong Abril 24. Sa Sorsogon, isa pang elemento ng CAFGU na nagsisilbing ahenteng paniktik ng 31st IB ang pinaslang sa Barangay Sta. Cruz, Barcelona noong Abril 23.

Sa Bukidnon, naglunsad ng operasyong haras ang BHB laban sa mga sundalo ng 8th IB na nagbabantay sa kumpanya sa konstruksyon ng UBI sa Purok 6, Barangay San Roque sa bayan ng Quezon noong Abril 20. Isang sundalo ang napaslang habang tatlo ang nasugatan.

Sa isang kontra-atake ng BHB-Camarines Sur noong Abril 5, napaslang ang apat na sundalo ng 96th IB at lima ang nasugatan sa Barangay Del Carmen, Lagonoy. Ilang oras matapos nito, pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang trak ng militar lulan ang rumerespondeng mga sundalo.

SA NEGROS ORIENTAL, tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong yunit ng 62nd IB sa Mabanga, Barangay Bagtik, La Libertad noong umaga ng Marso 15. Labinlimang sundalo ang napaslang sa 30-minutong labanan habang siyam ang nasugatan. Sa Negros Occidental, isang sundalo naman ang napaslang nang paputukan ng BHB ang detatsment ng CAFGU sa Barangay Sikatuna, Isabela noong Marso 7. AB

# Mga *community pantry*, ibinunsod ng gutom at palpak na tugon ni Duterte sa pandemya

Sa nakaraang tatlong linggo, sumibol sa iba't ibang bahagi ng bansa ang mga *community pantry* (paminggalang bayan). Layunin ng mga ito na bigyan ng kagyat at pansamantalang tulong ang mga Pilipinong nawalan ng trabaho o di kaya'y kakarampot ang natanggap na ayuda mula sa gubyerno. Nakilala ang inisyatibang ito na may panawagang: "magbigay ayon sa kakayahan, kumuha batay sa pangangailangan."




Umaabot na sa 1,067 ang mga binuksang *community pantry* ng iba't ibang karaniwang tao, mga personahe at organisasyon sa kasalukuyan. Handog ng mga ito ay bigas, gulay, delata at iba pang pagkain na maaaring pagkasyahin sa isang araw o isang kainan. Kilu-kilometro ang pila sa mas estabilisadong mga *pantry*, mula madaling araw hanggang magdilim.

Anang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), "Ang mga inisyatibang ito ng damayan ay malakas na pagpuna at pagsasakdal sa malubhang mga kabiguan ng gubyernong Duterte na tugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan sa harap ng pandemyang Covid-19 at lumalalang kalagayang pang-ekonomya."

**Inspirasyon ng Maginhawa Community Pantry**

Nagsimula ang ideya ng *community pantry* nang maglagay ng isang maliit na kariton si Ana Patricia Non, isang maliit na negosyante, noong ikatlong linggo ng Abril sa kahabaan ng Maginhawa St., Barangay Teachers' Village East, Quezon City na mayroong ilang gulay, delata, bigas at iba pang pantawid-gutom. Ayon sa kanya, sinimulan niya ang inisyatiba dahil "pagod" na siya sa kawalan o kakulangan ng tugon ng gubyernong Duterte sa harap ng krisis.

Nagluwal ang inisyatiba ng panibagong mga *community pantry* sa buong bansa. Daan-daan ang binuksan ng mga kabataan, mga magkakapitbahay, mapagkawanggawang indibidwal at personalidad. Nagbukas din ng mga *pantry* ang mga demokratikong organisasyon sa kalunsuran. Sa ilang lugar, kasabay ng pamamahagi ng pagkain ang pagpapapirma sa petisyon na nagsusulong ng ₱10,000 ayuda para sa lahat at panawagan para sa pagbibitiw sa pwesto ni Duterte dahil sa bigong pagtugon sa krisis sa kabuhayan.

Nagtayo rin ng mga *community pantry* ang iba't ibang institusyong relihiyoso sa kani-kanilang mga saklaw na lugar. Hinikayat pa ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) ang mga Katolikong samahan at organisasyon na tularan ang halimbawang ito ng pagtutulungan. Maging ang mga samahan ng mga artista, musikero, at marami pang mga personahe ay nagbukas ng kani-kanyang mga *community pantry*.

***Red-tagging* at pananabotahe ng rehimeng Duterte**

Lalupang lumaganap ang mga inisyatiba matapos i-*red-tag* ng mga tagapagsalita ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ang mga *community pantry*. Isinailalim sa sarbeylans ang ilan sa mga *pantry* at tinangkang takutin ang mga organisador. Sa kaso ng dalawang *pantry* sa Cagayan de Oro, nagpakalat ng mga polyeto ang estado para siraan ang mga organisador. Naglunsad ang ahensya ng kampanyang paninira laban kay Non, na inihambing ni Gen. Antonio Parlade kay Satanas sa isa sa kanyang mga pahayag.

Dulot nito, bumuhos ang batikos kay Parlade at sa NTF-ELCAC na nagpalakas sa panawagang tanggalan ng pondo ang ahensya. Umabot ang panawagang ito sa Senado at Kongreso na nagbantang maglunsad ng imbestigasyon sa naturang pondo at kay Parlade mismo.

Nang hindi kinaya sa pananakot, sinakyan naman ng militar at pulis ang konsepto. Nabunyag ang inilabas na *memorandum* ng Philippine National Police (PNP)-Region 10 na nag-uutos sa mga presinto na magtayo ng kanilang bersyon ng *community pantry* na tatawaging "Barangayanihan." Ipinag-utos nito na "magtanim" ng mga benepisyaryo, at kunan sila ng litrato para ipalaganap sa *social media*, para diumano ipakita ang "pasasalamat" ng mga tao. Inamin ng PNP na ang utos na "i-*hijack*" ang konsepto ng *community pantry* ay nagmula sa nakatataas na upisyal ng pulis at para diumano magsilbi sa "kontra-insurhensya."

"Walang kahit anong palamuting 'bayanihan' ang makapagpapabango sa pasista at duguang rekord ng PNP. Dahil sa kanilang mga pasistang pang-aabuso, krimen at panunupil sa mamamayan, kinasusuklaman ang pulis at militar ng sambayanan," sagot ng PKP sa pakanang ito ng PNP. AB

# Pambabarat sa mga magsasaka ng saging

Naghain ng petisyon ang United Pantaron Banana Workers Union (UPBWU) sa tanggapan ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB) sa Sto. Tomas, Davao del Norte noong Abril 6 para manawagan ng ₱100 dagdag sa arawang sahod sa Davao Region. Ang naturang rehiyon ang pangunahing pinagkukunan ng suplay ng saging na pang-eksport at pangkonsumo ng bansa (35% o 846,230 metriko tonelada o MT noong huling kwarto ng 2020). Gaya ng iba pang manggagawang bukid sa mga plantasyon, tali sila sa napakababang pasahod na idinidikta ng mga kapitalista at panginoong maylupa sa kabila ng napakataas na demand sa saging sa pandaigdigang pamilihan.

Nakasaad sa petisyon na hindi na makaagapay ang ₱396 na minimum na sahod ng mga manggagawang bukid sa bilis ng pagtaas ng presyo ng langis at pangunahing bilihin. Anang grupo, wala pa sa kalahati ng ₱1,057 kinakailangan ng isang pamilyang may limang myembro kada araw para mabuhay ng disente. Ayon sa pinakahuling datos ng rehimen, tumaas tungong 2.7% ang implasyon sa rehiyon mula 1.9% noong Enero, pinakamataas na naitala mula Hunyo 2019. Noong Pebrero 2019 pa huling itinaas ang sahod sa rehiyon.

Mas masahol ang kalagayan ng mga manggagawang bukid na hindi nakatatanggap ng arawang sahod at binabayaran lamang batay sa kantidad na kanilang napoprodyus. Sa karamihan ng mga plantasyon, kadalasang binibili sa mga magsasaka ang saging sa halagang $2.5-$3 (₱120-₱144) kada kahon na may bigat na 13 kilo, o katumbas lamang ng ₱9-₱11 kada kilo.

Ikinakaltas pa sa kakarampot na kitang ito ang iba't ibang gastos sa produksyon. Halimbawa, sa mga plantasyon ng saging ng multinasyunal na kumpanyang Dole, karaniwang ikinakaltas sa kita ng mga magsasaka ang gastos sa transportasyon (₱3.4 kada kahon); bayad sa pagkakarga (₱3.8); upa sa planta, irigasyon at iba pang pasilidad ng plantasyon (₱3.8). Kadalasang nasa ₱100 na lang ang kita nila kada kahon o ₱7.7 kada kilo. Sa kabilamang banda, umaabot naman sa ₱136 kada kilo ang presyo sa pamilihan ng saging sa mga bansang nag-aangkat nito mula sa Pilipinas. Sa Lapanday Foods Corp., halos ₱2,000 kada buwan o katumbas ng ₱70 kada araw na lamang ang naiuuwi ng mga magsasaka mula sa ₱15,000 kinikita nila.


Ang saging ay nangunguna sa listahan ng mga prutas na ikinakalakal sa buong mundo, at kabilang sa pangunahing mga produktong agrikultural na pinoprodyus at inieeksport ng bansa. Noong nakaraang taon, bumagsak nang 101,000 MT ang kabuuang produksyon nito tungong 9.1 milyong MT. Gayunpaman, nanatili itong nangunguna sa listahan ng mga produktong agrikultural na inieeksport ng bansa.

Noong 2020, ang produksyon ng saging ay katumbas ng 15% ng kabuuang lokal na produksyong agrikultural. Saklaw ng mga sagingan ang aabot sa 450,000 ektarya ng lupa (sinlaki ng pitong pinakamalaking syudad sa Metro Manila) na kalakha'y kontrolado ng mga multinasyunal at malalaking lokal na plantasyon na nakabase sa Mindanao at pawang malalaking eksporter. Pinakamalaki sa mga ito ang plantasyon ng Tagum Agricultural Development Company sa Panabo, Davao City (5,308 ektarya). Ang napoprodyus nitong saging ay ibinebenta sa Del Monte na pagmamay-ari ng pamilyang Campos na nag-oopereyt din ng malalawak na plantasyon at nag-eeksport ng saging. Malalaki rin ang plantasyon sa bansa ng Dole Philippines (US), Sumifru Corp. (Japan), Lapanday Foods Corp. (Lorenzo) at Unifrutti Tropical Philippines (Perinne).

Ang Pilipinas ang ikalawa sa pinakamalalaking eksporter ng saging sa buong mundo. Nasa 40% ng naprodyus nito (3.6 milyong MT) noong nakaraang taon ay inieksport, pangunahin sa Japan. Sa ilalim ni Duterte, kapansin-pansin ang mahigit 500% paglaki ng eksport ng saging ng Pilipinas sa China mula 319,291 MT noong 2016 tungong 1.9 milyong MT noong 2019. Halos kalahati o 45% ng iniaangkat nitong saging noong 2019 at 2020 ay mula sa Pilipinas.

Bumagsak ang benta ng saging sa panahon ng pandemya dulot pangunahin ng mga restriksyon sa transportasyon. Noong 2020, bumulusok nang 21% tungong $1.55 bilyon o ₱74.5 bilyon ang kabuuang kita ng bansa mula sa pag-eeksport nito.

Tulad sa nakaraan, inuuna ni Duterte ang kapakanan ng kapitalista habang nagbibingi-bingihan sa hinaing ng mga manggagawang bukid. Sa gitna ng pandemya, kaliwa't kanan ang pagpabor niya sa mga kumpanya. Noong Disyembre 2020, naiulat na naglaan ito ng ₱220 milyong subsidyo para palakasin ang produksyon ng malalaking plantasyon ng saging sa bisa ng Productivity Enhancement Project. Nitong Enero, pinautang naman nito ng ₱645 milyon ang Hijo Superfoods Inc., kumpanyang kasosyo ng Lapanday at nagmamanupaktura ng harina mula sa saging. Bago ang pandemya, naiulat din na pinautang nito ng ₱1 bilyon ang kumpanyang Unifrutti para bigyang daan ang ekspansyon ng mga plantasyon nito. AB



SA MADALING SALITA

# ₱680 bilyon

ang **"ecological deficit"** ng Pilipinas mula nang ipataw ang *lockdown.*

Ang ***ecological deficit*** ay terminong ginagamit ng mga aktibistang maka-kalikasan **para sukatin ang pagdambong ng mga kapitalistang kumpanya sa likas na yaman at kalikasan ng isang bansa.**

**Pinagkunan:** Center for Environmental Concerns Philippines

## #DEFUND NTF-ELCAC

o bawiin ang ₱19 bilyong pondo—ang nag-*trending* sa **Twitter** noong Marso bilang reaksyon sa pag-*red-tag* ng ahensya sa mga *community pantry*.

## ₱1.73 BILYON

ang netong kita ng Petron Corporation sa unang kwarto ng 2021.

Bunsod ito ng tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo ngayong taon.

## ₱97,909.09

na ang utang ng kada Pilipino—₱20,818.19 mas mataas kumpara sa Abril 2020—bunga ng walang rendang pangungutang ng estado.

## Derek Chauvin

ang pulis na lumuhod sa leeg ni **George Floyd** ay hinatulang **MAYSALA** sa kasong pagpatay noong Abril 20.

Ang pagkamatay ni Floyd ang nagsilbing mitsa sa muling pagdaluyong ng kilusang **Black Lives Matter** sa US noong 2020.




## $4.9 bilyon

ang kita ng Pfizer para sa unang kwarto ng taon mula sa pagbebenta ng bakuna kontra-Covid-19. Tinataya ng kumpanya na aabot sa $26 bilyon o ₱1.24 trilyon ang halaga ng maibebenta nitong bakuna sa 2021.

## 0.22%

pa lamang ng populasyon ng Pilipinas ang naka-tanggap ng **2-dosis na bakuna** at **1.42%** ang nakatanggap ng unang dosis noong Abril 27.



Habang lumampas na sa

1 MILYON

ang nahawa ng Covid-19 sa bansa.

# 2 lider-aktibista, inaresto sa Bicol

Dalawang lider-aktibista ang magkasabay na inaresto ng mga pulis sa Bicol noong madaling araw ng Mayo 2. Inaresto si Dan Balucio, pangkalahatang kalihim ng Bayan-Bicol at pastor ng National Council of Churches in the Philippines, sa kanyang bahay sa Sto. Domingo, Albay. Inaresto naman si Sasah Sta. Rosa, tagapagsalita ng Jovenes Anakbayan, sa Villa Obiedo, Carayan, Naga City.

Para palabasing lehitimo ang mga operasyon, tinamnan ng mga pulis ng mga baril at pasabog ang mga bahay ng biktima. Inakusahan din silang mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Kasabay ding nireyd ng mga pulis ang bahay ni Justine Mesias, tagapagsalita ng Youth Act Now Against Tyranny Bicol, ngunit wala siya roon. Ang mga mandamyento na ginamit sa mga reyd na ito ay inilabas ni Judge Edgar Armes ng Legazpi City Regional Trial Court.

Sa Antipolo City, inaresto ng 80th IB at Philippine National Police-Rizal ang 30 Dumagat sa Barangay Calawis noong Abril 13. Nilinlang ang mga katutubo at pinapunta sa *barangay hall* para umano tumanggap ng ayuda. Inakusahan silang may kaugnayan sa BHB.

Bago nito, mayroon ding 30 katutubo mula sa Barangay Puray, Rodriguez, Rizal ang sinampahan ng kasong rebelyon noong ikalawang linggo ng Marso. Inaresto rin sa parehong bayan si Benito Lucido, tagapangulo ng Integrated Association of Agrarian Reform Beneficiaries, at ang kanyang asawa noong Mayo 6. Dinala sila sa istasyon ng pulis at hindi pa malinaw kung ano ang isasampang kaso sa kanila.

Inaresto rin sa araw na iyon ang katutubong Dumagat na si Garry Doroteo sa kanyang bahay sa Tanay. Kabilang si Doroteo sa mga tumututol sa Kaliwa Dam.

Sa General Nakar, inaresto at isinakay ng militar sa helikopter ang kagawad ng Barangay Lumutan na si Loreto Miranda Bolino. Hindi pa rin siya iniliitaw hanggang sa kasalukuyan.

Sa Bohol, iligal na inaresto ang magsasakang si Alfie Sarsale sa Barangay Rizal, Batuan noong Abril 30. Sinalakay ng mga pulis ang kanyang bahay at maging ng kanyang mga magulang. Ninakaw din ang may ₱23,000 na kita ng mag-anak mula sa pagbebenta ng kanilang kalabaw.

**Pamamaslang.** Pinaslang ng mga elemento ng 15th IB si Frederico Rivera, residente ng Barangay Pinggot, Ilog, Negros Occidental noong Abril 24. Pinalabas ng mga sundalo na nasawi ang biktima sa isang engkwentro.

**Pekeng pagsurender**. Sapilitang pinasurender ng 2nd ID ang mga residente ng Barangay San Jose, Antipolo City noong Abril 23 bilang mga taga-suporta ng BHB.

Pinasurender din ng 15th IB at 11th IB ang mga residente ng Sityo Taya-o sa Barangay Narra at Sityo Malabago sa Barangay Tambad, Cauayan, Negros Occidental noong Abril. Bahagi ito ng nakapokus na operasyong militar ng naturang mga yunit sa lugar.

**Militarisasyon**. Halos isang buwan nang nagpapatupad ng blokeyo ang 1st IB at 80th IB sa mga komunidad ng mga katutubong Dumagat at Remontado sa Barangay Puray, Rodriguez Rizal at Barangay Umiray, General Nakar, Quezon.

Sa Negros Occidental, kinordon ng 15th IB ang Sityo Barangay Pinggot, Ilog, Negros Occidental mula pa noong Abril 24. Istriktong kinokontrol ng mga sundalo ang paglalabas-masok at galaw ng mga residente sa nabanggit na mga komunidad.

**Pandarahas**. Nireyd ng 62nd IB ang apat na bahay sa Himamaylan, Negros Occidental noong Marso 22. Binugbog ang ilang residente at tinutukan ng baril habang iniinteroga. AB

## Mamamahayag, pinaslang bago ang World Press Freedom Day

BINARIL NG DALAWANG di-nakilalang lalaki si John Heredia, dating direktor ng National Union of Journalist of the Philippines, sa Barangay Lawa-an, Roxas City, Capiz noong Mayo 2. Naganap ito isang araw bago ang anibersaryo ng World Press Freedom Day.

Si Heredia ang ika-21 mamamahayag na pinaslang sa ilalim ng rehimeng Duterte. Nakapagtala rin ang Altermidya, grupo ng alternatibong mamamahayag, ng 68 kaso ng paglabag sa malayang pamamahayag sa ilalim ni Duterte.

Ayon sa 2021 World Press Freedom Index na inilabas ng Reporters Without Borders noong Abril 27, ika-138 ang Pilipinas sa listahan ng 180 bansa sa usapin ng pagtataguyod sa kalayaan sa pamamahayag.

Samantala, ginunita ng mga mamamahayag noong Mayo 5 ang isang taong anibersaryo mula tanggihan ng rehimeng Duterte na bigyan ng prangkisa ang ABS-CBN para tuluy-tuloy na makapagbrodkas.

## Obispo ng UCCP, 5 pa, kinasuhan

MULING HUMARAP SA korte ang obispo ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP) na si Hamuel Tequis, kasama sina Rev. Daniel Palicte, Ephraim Malazarte, Grace Avila, Lindy Trenilla at Jong Monzon matapos na buhayin ang gawa-gawang kaso laban sa kanila.

Inaakusahan silang pinagsasamantalahan ang mga batang Lumad na pansamantalang kinupkop ng UCCP Haran sa Davao. Dati nang ibinasura ng korte ang naturang kaso dahil sa kakulangan ng ebidensya.

# Patung-patong na hambalos ng mapaminsalang pagmimina

Pinirmahan ni Rodrigo Duterte noong Abril 14 ang Executive Order 130 na nagwakas sa 9-taong moratoryum sa pagbubukas ng mga bagong minahan. Ipinataw ang moratoryum noong 2012 ng rehimeng Aquino III sa ilang protektadong mga lugar habang hindi pa nababago ng Kongreso ang tantos sa pagbubuwis sa mga kumpanya ng mina. Sa panahong iyon, mayroong nakahapag na di bababa sa 291 bagong aplikasyon sa pagmimina. Nakabatay ang kautusan sa Philippine Mining Act na isinabatas noon pang 1995.

Patung-patong na hambalos sa mamamayan ang idudulot ng pagbabasura sa moratoryum at pagpapatuloy sa mapangwasak na pagmimina sa bansa. Dagdag sa buu-buong iniluluwas ng mga kumpanya ng mina ang hilaw na materyales mula sa mga minahan (kabilang ang lupa), gagamitin diumano ang rebenyu na makukuha rito bilang pambayad sa bilyun-bilyong pisong inutang ng estado. Nakaugnay din ito sa pag-akit ng dayuhang kapital na inaasahan ni Duterte na magpopondo sa kanyang maanomalya at makadayuhang mga proyektong imprastruktura sa ilalim ng programang Build, Build, Build.

Kabilang sa nabanggit na papayagang mag-opereyt ang malalawak na minahan ng Sagittarius Mines Inc. (SMI), KingKing Mining Corporation at Silangan Mindanao Mining Corporation. Lahat ng mga ito ay nasa Mindanao at matagal nang tinututulan ng mamamayan.

Ayon sa mga upisyal ng rehimen, makalilikom diumano ng ₱21 bilyon ang gubyerno kung pahihintulutang magbukas ang 100 bagong minahan. Pero ayon sa Center for Environmental Concerns, nasa 8%-10% lamang ang nasingil ng gubyerno mula sa mga kontrata sa pagmimina. Kapalit ng naturang rebenyu tinatayang aabot sa ₱210 bilyong halaga ng mga mineral ang ilalabas sa bansa ng mga kumpanyang ito, imbes na mapakinabangan ng lokal na ekonomya.

Sa aktwal, napakaliit ng iniaambag ng sektor ng pagmimina sa ekonomya ng bansa. Noong 2020, nasa 0.75% lamang ito ng kabuuang *gross domestic product* ng bansa. Ayon sa Ibon Foundation, kakarampot lamang na ₱15.5 bilyon ang nalikom ng estado mula sa industriya sa anyo ng mga buwis, bayarin at *royalties*. Katumbas lamang ito ng 0.07% sa kabuuang buwis na nalikom ng rehimen.

Wala ring 1% ang iniempleyo ng industriya. Alinsunod sa datos ng gubyerno, nasa 190,000 lamang na manggagawa ang nakaempleyo sa pagmimina noong 2019. Ang tinatayang 42,000 bagong trabaho na malilikha ng bagong kautusan ay wala pang katiting sa bilang ng mga trabahong nawala at patuloy na nawawala dahil sa sobrang tagal na *lockdown*.

Sa kabilang banda, tiba-tiba sa kita ang mga lokal at dayuhang kumpanya sa pagmimina kahit sa kasagsagan ng pandemya. Isa sa pinakatumabo ng tubo ang Nickel Asia, ang nag-oopereyt sa Taganito Mining Corporation, Rio Tuba Nickel Mining Corporation, at Cagdianao Mining Corp/ East Coast Mineral Resources Corporation. Lumobo ang netong kita ng Nickel Asia tungong ₱4.07 bilyon noong 2020, 53% na mas mataas sa ₱2.63 bilyong kita nito noong 2019. Tumabo rin ang Philex Mining Corporation na nagtala ng netong kita na ₱1.16 bilyon, o 645% na mas mataas kumpara sa 2019. Ang mga kumpanyang ito ang nag-oopereyt sa ilan sa pinakamapangwasak na mga minahan sa bansa.


Kaliwa't kanan na pagtutol ng mga tagapagtanggol ng kalikasan, ng simbahang Katoliko at mga demokratikong sektor ang sumalubong sa EO 130. Anang mga grupo, magdadala lamang ang kautusan ng dagdag na kamatayan at pinsala sa bansa. Kabilang sa tumutol ang diyosesis ng Marbel laluna sa pagbubukas ng minahan ng SMI sa Tampakan, South Cotabato. Nagpahayag din ng pagtutol sa kautusang ito ang Caraga Watch, Bayan Muna, Kalikasan Network, Panalipdan Mindanao at marami pang iba na deka-dekada nang lumalaban sa mapaminsalang mina.

Ayon sa Kalikasan Network, ang pagbubukas ng mga bagong minahan ay magreresulta sa dagdag na kapinsalaan sa kalikasan. Paulit-ulit nang napatunayan ang masasamang epekto ng mga minahan sa suplay ng tubig at pagkain, gayundin sa kagubatan at *biodiversity* nito. Kabilang sa mga epekto nito ang mas madalas at nakamamatay na mga pagbaha na nagdudulot ng bilyun-bilyong pinsala sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. AB



# Pamana ni Duterte: Maruming enerhiya

Ginunita sa buong mundo noong Abril 22 ang Earth Day, ang taunang aktibidad na isinasagawa mula pa 1970 bilang pagpapahayag ng suporta sa pangangalaga sa kalikasan. Sa Pilipinas, inianunsyo ng rehimeng Duterte ang pakitang-gilas na pag-apruba nito sa Nationally Determined Contribution ng bansa sa pagsisikap na magambag umano sa pag-agapay sa *global warming.* Nakasaad dito ang pangako ng Pilipinas na unti-unting ibaba ang ibinubugang *green house gas* ng bansa gaya ng *carbon dioxide, methane*, at iba pa tungong 75% hanggang sa 2030 at 100% sa 2040. Alinsunod ito sa pagratipika ng Pilipinas na Paris Agreement on Climate Change na unang pinirmahan ng 196 bansa noong 2016.



Sa aktwal, taliwas ang pahayag na ito sa mga plano ng rehimen sa industriya ng enerhiya. Hindi papaliit ang lokal na produksyon ng karbon o *coal* at plano pa itong palakasin ng rehimen. Sa buong daigdig, ang pagsunog ng karbon ang isa sa pinakamalaking pinagmumulan ng *greenhouse gas* tumatalukbong sa mundo at pumipigil sa pagtakas ng init. Alinsunod sa Coal Roadmap 2017-2040 ng rehimen, planong itaas ng reaksyunaryong estado ang lokal na produksyon ng karbon tungong 282 milyong metriko tonelada (MT) sa 2023-2040 mula 23 milyong MT sa 2017-2018. Balak din ng limang pinakamalalaking prodyuser ng enerhiya ang pagpapalawak ng kani-kanilang kapasidad na lumikha ng enerhiya gamit ang karbon mula 14,579 *megawatts* (MW) sa kasalukuyan tungong 21,836 MW sa susunod na dalawa hanggang anim na taon.

Ang mga *power plant* na ito ay pinopondohan ng di bababa sa 15 malalaking bangko sa bansa. Ayon sa koalisyong Withdraw From Coal, nangunguna sa mga ito ang Bank of the Philippine Islands ng pamilyang Ayala at ang Banco de Oro ng pamilyang Sy.

Noong 2020, umaabot sa $13.42 bilyon ang inilagak ng mga bangko na puhunan sa iba't ibang planta at proyektong karbon. Noong Marso, nagprotesta naman ang Youth Advocates for Climate Action Philippines at Kalikasan People's Network for the Environment sa harap ng upisina ng Standard Chartered Bank sa Makati City para ipanawagang bawiin ang $674 milyong pautang nito sa anim na plantang *coal-fired* sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Bilang pagtutol sa pagpapalawak sa operasyon ng mga *coal-fired power plant* sa bansa, naglunsad ng simbolikong aksyon ang iba't ibang mga simbahan sa Quezon at Negros Occidental noong nakaraang buwan, kabilang ang 15 parokya sa bayan ng Lucena. Matatagpuan sa Quezon ang tatlong dambuhalang *coal-fired power plant*. Tatlong konsesyon sa prubinsya pa ang nakabimbin sa kasalukuyan kabilang ang plantang Atimonan One Energy ng Manila Electric Company (Meralco).

Sa kabuuan, 23 ang tumatakbong *coal-fired power plant* sa Pilipinas. Sa mga plantang ito nanggagaling ang 49% ng kuryente ng bansa. Pitumpu't limang porsyento sa ginagamit nitong karbon ay iniaangkat mula sa ibang bansa, pangunahin mula sa Indonesia at Australia. Kalakhan naman ng karbon na namimina sa bansa ay inieeksport sa China.

Batay sa mga plano ng rehimen, tinatayang tataas pa ang pagkonsumo ng kuryenteng galing sa *coal-fired power plant* tungong 59% sa 2029. Sa katunayan, habang bukambibig ni Duterte ang pagbabawas ng pagsandig sa karbon, direkta niyang pinasinayaan noong 2019 ang San Buenaventura Power Ltd. Co., isang *coal-fired power plant* na pagmamay-ari ng Meralco, at nanawagan sa mga mamumuhunan na magtayo ng kaparehong mga planta. Ang naturang planta ay pinondohan gamit ang pautang mula sa World Bank.

Itinuturing na "pinakamarumi" sa mga panggatong ng mga plantang pang-enerhiya ang karbon, taliwas sa sinabi ni Duterte na "malinis" ito. Doble ang pinoprodyus nitong *carbon monoxide* kumpara sa *natural gas* at 30% na mas mataas kumpara sa gasolina kapag sinisilaban.

Sa pandaigdigang pamilihan, ito rin ang pinakamahal na pinanggagalingan ng enerhiya matapos sumadsad ang presyo ng langis noong 2020. Pinakamahal ito noong Marso 2020 nang umabot sa $66.85 kada MT ang presyo ng karbon, katumbas ng $27.36 kada bariles ng langis. Dahil tali sa pag-aangkat ng karbon, ang mataas na presyo ng karbon sa pandaigdigang pamilihan ang lagi't laging idinidahilan ng mga kumpanya kung bakit sumisirit ang presyo ng kuryente sa Pilipinas. AB

## Presyo ng pinrosesong pagkain, tataas pa

Walang pag-asang bababa sa susunod na mga buwan ang presyo ng pinrosesong mga pagkain, tulad ng delata, *hotdog* at iba pang nakaasa sa dayuhang sangkap, at mga pagkaing nakasalalay sa *imported* na produkto tulad ng tinapay at gatas. Ito ay dahil tuluy-tuloy ang pagtaas ng presyo ng mga batayang produktong pagkain sa pandaigdigang pamilihan.

Ayon sa Bloomberg Agriculture Spot Index noong Abril, pumalo ang mga presyo ng trigo, mais at *soybean* sa pandaigdigang pamilihan sa pinakamataas na antas nito mula 2013. Ito ay dahil sa mahinang ani ng mga bansang nag-iimport ng naturang mga produkto at paglamon ng China ng papalaking bolyum ng naturang mga produkto para sa konsumo ng mga industriya nito.

Ginagamit ang trigo sa paggawa ng tinapay at ibang katulad na produkto, habang ang mais at *soybean* ay ginagamit bilang *feeds* (pagkain ng hayop). Sangkap din ito sa paggawa ng toyo, tokwa at iba pang produkto.

Apektado ang Pilipinas sa gayong mga pagtaas dahil inaangkat nito ang 100% pangangailangan na trigo at halos 99% ng *soybean*. Ang pagtaas sa presyo ng *feeds* (pagkain ng manok at baboy) ay nararamdaman ngayon sa bansa sa porma ng matataas na presyo ng karneng baboy at manok sa lokal na mga pamilihan.

Noong Abril 8, naglabas na ng taya ang Food and Agriculture Organization ng United Nations na patuloy na tataas ang presyo ng mantika, karne at gatas.

Sa nakaraang sampung taon, papataas ang *import dependency ratio* ng Pilipinas sa usapin ng pagkain. Mula 18% noong 2010, nasa 29% na ito noong 2019. Ibig sabihin, mahigit sangkapat na ng pagkain ng bansa ay nakaasa sa suplay—o kakulangan nito—sa pandaigdigang pamilihan. Kabilang sa tauntaong tumataas ang bolyum ng inaangkat na bigas (23% ng lokal na suplay noong 2019), karneng baboy, baka at manok. Halos buung-buo na inaangkat ng mga nagmamanupaktura ng pagkain at inumin ang mga sangkap na ginagamit nila sa produksyon. AB

### Helikopter ng hunta, napabagsak sa Myanmar

ISANG HELIKOPTER ANG napabagsak ng Kachin Independence Army (KIA) sa opensiba nito noong Mayo 3 sa Momauk, estado ng Kachin sa Myanmar (dating Burma). Ang KIA ay isa sa mga armadong grupo ng mga pambansang minorya na lumalaban sa huntang militar. Ilang linggo nang binobomba ng mga helikopter at *fighter jet* ng hunta ang naturang lugar. Ayon sa tagapagsalita ng KIA, nagresulta na sa pagkamatay ng tatlong sibilyan at pagkasugat ng siyam na iba pa ang mga pambobomba ng hunta. Limang libo na ang napilitang magbakwit.

Noon namang Abril 27, nagapi at sinunog ng Karen National Liberation Army ang kampo militar sa hangganan ng Thailand at Myanmar. Ginawa ang reyd matapos ang pamamaril ng mga sundalo sa mga bangka ng mga sibilyan na tumatawid sa ilog. Bilang ganti, nagpadala ng *fighter jet* ang hunta para bombahin ang lugar.

## Palpak na pagtugon ng rehimeng Modi ng India sa Covid-19

Malakas ang panawagan ngayon sa bansang India para sa pagbibitiw ni Prime Minister Narendra Modi dulot ng kanyang palpak na pagtugon sa pandemyang Covid-19 na nagresulta sa napakabilis na pagkalat ng bayrus sa bansa sa nakalipas na buwan. Noong Mayo 6, pumapalo na sa mahigit 21 milyon ang kabuuang kaso ng impeksyon at 230,151 na ang namatay sa bansa dulot ng Covid-19. Mahigit 412,618 sa mga kasong ito ay naitala lamang noong Mayo 5.

Ang India na ang tinatawag na "epicenter" (sentro) ng Covid-19 sa buong daigdig matapos lagpasan nito ang bilang ng mga kaso sa US. Ayon sa World Health Organization, tinatayang 28% ng mga bagong kaso ng Covid-19 sa buong mundo ay nasa India.

Pangunahing itinuturong dahilan sa pagkalat ng bayrus sa bansa ang tinaguriang mga "super-spreader event" o malalaking pagtitipong pulitikal at relihiyoso na pinahintulutan ng rehimeng Modi sa nakalipas na mga buwan. Kabilang sa mga ito ang elektoral na mga rali, at relihiyosong mga pagtitipon na nilahukan ng milyun-milyong indibidwal at kung saan hindi istriktong ipinatupad ang mga protokol pangkalusugan.

Lumubha rin ang kakulangan sa mga pasilidad at kagamitang medikal sa India, laluna ng suplay ng mga tangke ng *oxygen*. Marami ang namamatay sa pila sa labas ng mga ospital nang hindi nakatatanggap ng lunas.

Ikinababahala rin ngayon ang pagkalat ng bagong baryant ng Covid-19 na B.1.617 na unang natuklasan sa India at binansagang "double mutant." Pinaniniwalaang mas nakahahawa ito at pinag-aaralan pa sa ngayon kung mabisa ba ang kasalukuyang mga bakuna laban dito. AB